Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION I
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF ALAMINOS CITY

SDO ALAMINOS RELEASED 2023-03-31 RECORDS UNIT

**Tanggapan ng Tagapamanihala**

**PANSANGAY NA KALATAS**
**Blg. 166, s. 2023**

PARA SA MGA : Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
: Hepe ng Dibisyong Tagapagpatupad ng Kurikulum (CID)
: Hepe ng Dibisyong Tagapagpatupad ng Operasyon ng Paaralan (SGOD)
: Mga Pansangay na Tagamasi
: Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan ng
: Elementarya at Sekundarya
: Iba pang Kinauukulan

PAKSA : **PAGDIRIWANG NG BUWAN NG PANITIKANG PAMBANSA 2023**

MULA SA : Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala

PETSA : Ika-30 ng Marso, 2023

---

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg. 968 na nilagdaan noong Pebrero 10, 2015, na nagdedeklara sa buwan ng Abril bilang Buwan ng Panitikang Pambansa o National Literature Month, ang Sangay ng Paaralang Panglungsod ng Alaminos ay magsasagawa ng pansangay na pagdiriwang ng Buwan ng Panitikang Pambansa 2023.

2. Ang tema ng Buwan ng Panitikang Pambansa sa taong kasalukuyan ay "Kultura ng Pagkakaisa: Pagpapaalab ng Pagkakaisa sa Pamamagitan ng Panitikan".

3. Bilang pakikiisa sa nabanggit na pagdiriwang, hinihikayat ang bawat paaralan na magsagawa ng nasabing gawain bilang pakikilahok sa buwan ng pagdiriwang sa Panitikang Pambansa. Inaasahan ang pagsusumite ng report tungkol dito pagkatapos ng pagdiriwang sa Buwan ng Panitikang Pambansa.

4. Kalakip ng kalatas na ito ay mga alituntunin at mga pamantayan ng gawain bilang bahagi ng pagdiriwang. Bilang pagbibigay-halaga sa ipinamalas na galing ng mga kalahok, marapat lamang na bigyan sila ng sertipiko ng pagkilala katulad ng mga sumusunod:

- **Salawikain – Munting Mambibigkas Award**
- **Tula – Francisco Balagtas Award**
- **Masining na Pagkukuwento – Deogracias Rosario Award**


**Address:** San Jose Drive, Poblacion, Alaminos City, Pangasinan
**Telephone No:** (075) 205 - 0644
**Website:** depedalaminoscity.com
**Email Address:** alaminos.city@deped.gov.ph

- **Paggawa ng Poster** – **Juan Luna Award**
- **Pinaghandaang Talumpati** – **Graciano Lopez Jaena Award**
- **Spoken Word Poetry** – **Jose Garcia Villa Award**
- **Salin-awit** – **Julian Felipe Award**
- **Sulat-kanta ng Awiting Bayan** – **Jose Palma Award**

5. Para sa impormasyon, gabay, pinalawak na pagpapalaganap at malawakang pagsunod.

**VIVIAN LUZ S. PAGATPATAN, CESO VI**
*Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala*
*Nakatalagang Namamahala*
*Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala*


**Address:** San Jose Drive, Poblacion, Alaminos City, Pangasinan
**Telephone No:** (075) 205 - 0644
**Website:** depedalaminoscity.com
**Email Address:** alaminos.city@deped.gov.ph

**MGA TUNTUNIN AT PANUKATAN NG PAGHAHATOL SA BAWAT GAWAIN PARA SA BUWAN NG PANITIKANG PAMBANSA 2023**

*Pangkalahatang Palatuntunan

a. Ang bawat kuwento o tula ay kinakailangang masusing sinuri upang masigurado na ang mga ito ay akma sa bawat mag-aaral.

b. Para sa kasuotan ng mga mag-aaral sa bawat gawain ay puting t-shirt at itim na pantalon.

c. Bigyan nang sapat na oras ang mga bata sa paghahanda sa pagtatanghal.

d. Kinakailangang may tatlong entri ng bawat paaralan sa bawat itinalagang gawain. Kaya naman ang bawat gawain (maliban sa paggawa ng poster) ay kinakailangang kuhanan ng bidyu upang mai-upload sa facebook page ng paaralan tuwing Biyernes

f. Ang tatlong entri na may pinakamataas ang iskor ang siyang tatanghaling mga panalo sa kanilang paaralan.

g. Ang lahat ng nagsipagwagi ay pagkakaloobang ng sertipiko ng pagkilala at kaukulang gantimpala.

**Mga Nakatakdang Gawain sa Bawat Baitang Kasama Ang Mga Tuntunin at Panukatan ng Paghahatol**

Para sa mga mag-aaral na mula sa Kindergarten

Gawain: *Pagbigkas ng Salawikain*

Mga Tuntunin

a. Ang gawain ay pang-isahang paligsahan.
b. Maaaring nasa anumang wika ng Pilipinas ang salawikain.
c. Ang pagtatanghal ay magtatagal lamang ng hindi lalagpas sa isang minuto.

Panukatan ng Paghahatol

| | |
|---|---|
| Tindig | 15% |
| Boses at Bigkas | 35% |



Address: San Jose Drive, Poblacion, Alaminos City, Pangasinan
Telephone Number: (075) 205 - 0644
Website: depedalaminoscity.com
Email Address: alaminos.city@deped.gov.ph

| | |
|---|---|
| Dating sa Madla | 60% |
| **Kabuoan** | 100% |

Para sa mga mag-aaral na mula sa Una at Ikalawang Baitang

Gawain: *Pagbigkas ng Tula*

Mga Tuntunin

a. Ang gawain ay pang-isahang paligsahan.
b. Mamimili ng angkop na tula na ipasasaulo sa mga mag-aaral ang Reading o Filipino Koordineytor.
c. Ang tula ay maaaring nasa wikang Filipino, dayalektong Ilokano o Pangasinan.
d. Ang paksa ay alinsunod sa tema ng Buwan ng Panitikang Pambansa 2023.
e. Maaaring orihinal o nalathala na ang tulang gagamitin.
f. Tatagal ng dalawa hanggang apat na minuto ang pagtatanghal ng bawat mag-aaral na magsasagawa nito.

Panukatan sa Paghahatol

| | |
|---|---|
| Tindig, Kilos, Ekspresyon ng Mukha | 25% |
| Boses at Bigkas | 25% |
| Dating sa Madla | 50% |
| **Kabuoan** | 100% |

Para sa mga mag-aaral na mula sa Ikatlo at Ikaapat na Baitang

Gawain: *Masining na Pagkukuwento*

Mga Tuntunin

a. Ang gawain ay pang-isahang paligsahan.
b. Mamimili ng kuwentong-bayan na ipasasaulo sa mga mag-aaral ang Reading o Filipino Koordineytor.
c. Ang kuwentong-bayan ay maaaring nasa wikang Filipino, dayalektong Ilokano o Pangasinan.
d. Ang pagtatanghal ay dapat tumagal lamang ng dalawa hanggang apat na minuto.

Panuntunan sa Paghahatol

| | |
|---|---|
| Kilos at Ekspresyon ng Mukha | 25% |
| Baryasyon ng Boses at Bigkas | 25% |
| Dating sa Madla | 50% |
| **Kabuoan** | 100% |

Para sa mga mag-aaral na mula sa Ikalima at Ikaanim na Baitang

Gawain: *Paggawa ng Poster*

a. Ang paksa ay alinsunod sa tema.
b. Ang poster ay lilikhain gamit ang ½ *illustration board.*
c. *Oil pastel* lamang ang gagamitin upang makapagbibigay kulay sa poster.
d. Magsumite ng tatlong larawan ang mga mag-aaral sa pagsasagawa nito at ang ginawang poster.
e. Siguraduhing orihinal at hindi pa nalalathala ang entring ipapasa.

Panuntunan sa Paghahatol

| | |
|---|---|
| Mensahe | 30% |
| Kaangkupan sa Tema | 30% |
| Orihinalidad at Pagkamalikhain | 30% |
| Kalinisan ng Likha | 10% |
| **Kabuoan** | 100% |


Address: San Jose Drive, Poblacion, Alaminos City, Pangasinan
Telephone Number: (075) 205 - 0644
Website: depedalaminoscity.com
Email Address: alaminos.city@deped.gov.ph

Para sa mga mag-aaral na mula sa Ikapito at Ikawalong Baitang

Gawain: *Pinaghandaang Talumpati*

a. Ang paksa ng talumpati ay alinsunod sa tema.
b. Ang talumpati ay nararapat na orihinal at di pa nalalatha.
c. Ang paggamit ng hindi kaaya-ayang salita at kilos ay hindi pinahihintulutan.
d. Ang pagtatanghal ay dapat tumagal ng apat hanggang limang minuto.

Panuntunan sa Paghahatol

| | |
|---|---|
| Mensahe | 20% |
| Kaangkupan sa Tema | 10% |
| Tindig at Bigkas | 10% |
| Orihinalidad | 10% |
| Dating sa Madla | 50% |
| **Kabuoan** | 100% |

Para sa mga mag-aaral na mula sa Ikasiyam at Ikasampung Baitang

Gawain: *Kwento/ Pagsalaysay sa anyong patula*
*(Spoken Word Poetry)*

a. Ang paksa ng piyesa ay alinsunod sa tema.
b. Ang piyesa ay nararapat na orihinal at di pa nalalathala.
c. Ang paggamit ng hindi kaaya-ayang salita at kilos ay hindi pinahihintulutan.

Panuntunan sa Paghahatol

| | |
|---|---|
| Mensahe | 20% |
| Tindig, Kilos, Ekspresyon ng Mukha | 20% |
| Boses at Bigkas | 20% |
| Orihinalidad | 10% |
| Dating sa Madla | 30% |
| **Kabuoan** | 100% |


Address: San Jose Drive, Poblacion, Alaminos City, Pangasinan
Telephone Number: (075) 205 - 0644
Website: depedalaminoscity.com
Email Address: alaminos.city@deped.gov.ph

Para sa mga mag-aaral na mula sa Ikalabing isang Baitang

Gawain: *Salin-awit*

a. Ang gawain ay pagsasalin ng banyagang awit sa wikang Filipino.
b. Ang kalahok sa gawain ay maaaring solo, duo, o trio.
c. Maaaring hatiin ang tungkulin sa bawat miyembro (mayroong tagasalin, taga-tugtog ng instrumento at ang aawit).
d. Maaaring gumamit ng anumang instrumento o alinmang kagamitang makalilikha ng tunog. Maaari ding acapella.
e. Ang awiting isasalin ay ang "Imagine" na isinulat ni John Lennon.
f. Dapat tumagal ng dalawa hanggang limang minuto ang pagtatanghal.

Panukatan sa Paghahatol

| | |
|---|---|
| Kaangkupan ng Salin | 25% |
| Kalidad ng Boses | 10% |
| Orihinalidad at Pagkamalikhain | 15% |
| Dating sa Madla | 50% |
| **Kabuoan** | 100% |

Para sa mga mag-aaral na mula sa Ikalabindalawang Baitang

Gawain: Sulat-Kanta ng Awiting Bayan

a. Ang kalahok sa gawain ay maaaring solo, duo, o trio.
b. Maaaring hatiin ang tungkulin sa bawat miyembro (mayroong tagasulat, taga-tugtog ng instrumento at ang aawit).
c. Maaaring isulat ito sa anumang wika ng Pilipinas.
d. Maaari ring gumamit ng anumang instrumento o alinmang kagamitang makalilikha ng tunog. Maaari ding acapella.
e. Ang awiting-bayan ay kailangang orihinal at hindi pa nailalathala.
f. Dapat tumagal ng dalawa hanggang apat na minuto ang pagtatanghal.

Panukatan ng Paghahatol

| | |
|---|---|
| Mensahe | 20% |
| Kalidad ng Boses | 10% |
| Orihinalidad at Pagkamalikhain | 20% |
| Dating sa Madla | 40% |
| **Kabuoan** | 100% |



Address: San Jose Drive, Poblacion, Alaminos City, Pangasinan
Telephone Number: (075) 205 - 0644
Website: depedalaminoscity.com
Email Address: alaminos.city@deped.gov.ph